Tungkol sa
Girl Scouts of the USA

Sino Kami

Ang Girl Scouts of the USA (Mga Batang Babaing Iskaut ng USA) ay ang pinakamalaking organisasyon para sa mga batang babae sa mundo. Ang aming misyon ay magtayo ng mga batang babae na may tibay ng loob, pagtitiwala at pagkatao, na ginagawa ang mundo na mas mabuting lugar. Sa pamamagitan ng mga programang kabilang ang agham at teknolohiya, negosyo at karunungang pangkabuhayan, at kamalayan sa labas at kapaligiran, ang Pagiging Batang Babaing Iskaut ay nagbibigay sa mga batang babae ng mga pagkakataon para sa katuwaan at pakikipagkaibigan, habang nagtataguyod ng pagbuo ng kasanayan sa pamumuno at paggalang sa sarili.

Itinatag ni Juliette Gordon Low sa Savannah, Georgia, noong Marso, 12, 1912, ang Girl Scouts of the USA ay pinahintulutan ng Kongreso ng Estados Unidos noong Marso 16, 1950. Ngayon, may 3.6 milyong babaing miyembro—2.6 milyong batang babaing iskaut at halos 1 milyong miyembro na may sapat na gulang. Sa pamamagitan ng pagiging miyembro sa World Association of Girl Guides and Girl Scouts, ang Mga Batang Babaing Iskaut ay bahagi ng isang pambuong-mundong pamilya ng 10 milyong batang babae at may sapat na gulang sa 145 na bansa.

Ang Aming Ginagawa

Pinauunlad ng mga batang babae ang kanilang katangiang mamuno sa pamamagitan ng mga gawain na nagbibigay sa kanila ng kakayahan na *matuklasan* ang kanilang mga pinahahalagahan, kasanayan, at ang mundo sa kanilang paligid; *maki-ugnay* sa iba sa kapaligirang maraming kultura, at *kumilos* upang makagawa ng pagkakaiba sa mundo.

Aming Pagkakatayo

May punong-tanggapan sa New York City, ang Mga Batang Babaing Iskaut ay may 277 konseho sa buong bansa. Ang mga lokal na konsehong ito ay nagkakaloob ng tuwirang mga serbisyo sa mga babae, sa mga boluntaryong kasama nilang nagtatrabaho, at sa kanilang mga lokal na komunidad. Ang Pagiging Batang Babaing Iskaut ay bukas sa lahat ng mga batang babae mula sa kindergarten hanggang mataas na paaralan.

Para sa Karagdagang Impormasyon

Kung interesado kang sumapi, magboluntaryo o mag-ambag sa Mga Batang Babaing iskaut sa inyong komunidad, mangyaring tumawag sa 800 GSUSA 4 U [(800-478-7248] o bisitahin ang www.girlscouts.org.

Mahahalagang Bagay

Tagapagtatag
Juliette Gordon Low

Pambansang Pamunuan
Laura Bush
Pambansang Pangulong Pandangal

Patricia Diaz Dennis
Tagapangulo, Pambansang Lupon ng mga Direktor

Kathy Cloninger
Punong Tagapagpaganap na Opisyal

Mga Dating Iskaut
Animnapu't-walong porsiyento ng mga babae sa Kongreso ng Estados Unidos ay mga dating Batang Babaing Iskaut.

Walumpu't-dalawang porsiyento ng matataas ang nakamit na mga dating Batang Babaing Iskaut ay naniniwala ang Pagiging Batang Babaing Iskaut ay nakaimpluwensiya sa kanilang tagumpay.

Girl Scouts of the USA
420 Fifth Avenue, New York, NY 10018-2798
800 GSUSA 4U (800-478-7248)
www.girlscouts.org

Tungkol sa
Girl Scouts of the USA

Ang Pangako ng Batang Babaing Iskaut

Sa aking dangal, sisikapin kong:
maglingkod sa Panginoon at sa aking bansa;
tulungan ang mga tao sa lahat ng pagkakataon;
at mamuhay ayon sa Batas ng Batang Babaing Iskaut.

Ang Batas ng Batang Babaing Iskaut

Gagawin ko ang aking makakaya upang maging:
tapat at makatarungan;
magiliw at matulungin;
maunawain at mapagmalasakit;
matapang at malakas, at
responsable sa aking sinasabi at ginagawa; at upang
igalang ang sarili at iba;
igalang ang awtoridad;
gamitin nang matalino ang kalikasan;
gawin ang mundo na isang mas mabuting lugar, at maging isang kapatid sa bawat Batang Babaing Iskaut.

Girl Scouts of the USA
420 Fifth Avenue, New York, NY 10018-2798
800 GSUSA 4U (800-478-7248)
www.girlscouts.org